

# Lung cancer fact sheet

## Factsheet (Pahina ng Impormasyon) Kanser sa baga

### Ano ang kanser sa baga?

Ang kanser sa baga ay nangyayari kapag ang mga abnormal na selula sa isa o dalaw ang baga ay tumutubo sa paraang hindi makontrol.

Ang mga baga ay bahagi ng sistemang respiratoryo ng katawan. Binubuo ito ng mga serye ng daanan ng hangin na tinatawag na bronchi at mga bronchiole na nagtatapos sa maliliit na mga sac ng hangin na tinatawag na alveoli.

### Ano ang iba't ibang uri ng tumor sa baga?

May ilang uri ng kanser sa baga, kung saan ang bawat isa sa mga iyon ay nagsisimula sa iba't ibang uri ng selula sa baga.

- Ang carcinoma ng maliit na selula (small cell carcinoma) (mga 12% ng kanser sa baga) ay karaniwang lumilitaw mula sa mga epithelial na selula na siyang lumilinya sa ibabaw ng bronchi na matatagpuan sa gitnang bahagi.
- Ang carcinoma ng di-maliit na selula (non-small cell carcinoma) (higit sa 60% ng kanser sa baga) ay binubuo ng ibang pangkat ng mga kanser na mas dahan-dahang tumutubo at kumakalat kung ikumpara sa carcinoma ng maliit na selula. Ito ay pangunahing nakaka-apekto sa mga selula na nakalinya sa bronchi at mga mas maliliit na daanan ng hangin.
- Ang iba pang uri ay bumubuo sa humigit-kumulang 25% ng kanser sa baga.<sup>5</sup>

### Ano ang mga sintomas ng kanser sa baga?

Hindi palaging nagdudulot ng mga sintomas ang kanser sa baga, at maaari itong hindi sinasadyang matagpuan habang nagsasagawa ng X-ray sa dibdib para sa ibang kondisyon.<sup>2,3</sup>

Kabilang sa ilang mga karaniwang sintomas ng kanser sa baga ang:

- dugo sa dura na inubo palabas mula sa mga baga – tinatawag itong haemoptysis<sup>2-4</sup>
- isang bago o nagbagong ubo
- pananakit o kawalang-ginhawa sa dibdib at/o balikat<sup>2-4</sup>
- kinakapos ng hininga
- pamamaos
- hindi maipaliwanag na pagkabawas ng timbang/ kawalan ng ganang kumain<sup>2-4</sup>
- isang impeksiyon sa dibdib na hindi nawawala.<sup>2</sup>

May ilang mga kondisyon na maaaring magdulot ng mga sintomas na ito, hindi lang ang kanser sa baga. Kung nararanasan ang alinman sa mga sintomas na ito, mahalagang talakayin ito sa isang doktor.



## Ano ang mga risk factor (kadangilanan ng panganib) para sa kanser sa baga?

Ang risk factor ay anumang kadangilanan na may kaugnayan sa mas mataas na pagkakataon na magkaroon ng isang partikular na kondisyon ng kalusugan, katulad ng kanser sa baga. May iba't ibang uri ng mga risk factor, kung saan ang ilan ay maaring mabago at ang ilan ay hindi.

Dapat tandaan na ang pagkakaroon ng isa o higit pang risk factor ay hindi nangangahulugang magkakaroon ng kanser sa baga ang isang tao. Maraming tao ang mayroong hindi bababa sa isang risk factor pero hindi sila kailanman magkakaroon ng kanser sa baga, habang ang ibang taong may kanser sa baga ay maaaring walang batid na risk factor. Kahit na may risk factor ang taong may kanser sa baga, karaniw ang mahirap malaman kung gaano kalaki ang naidulot ng risk factor na ito sa pagsisimula ng sakit.

Habang hindi pa ganap na naiintindihan ang mga sanhi ng kanser sa baga, may ilang mga kadangilanan na may kaugnayan sa panganib na magkaroon ng sakit. Kabilang sa mga factor na ito ang:<sup>1-5</sup>

- paninigarilyo ng tabako
- mga factor nang dahil sa kapaligiran katulad ng passive smoking (hindi boluntaryong paglanghap ng usok galing sa paninigarilyo ng ibang tao), pagkalantad sa radon at pagkalantad sa mga bagay habang nagtatrabaho, katulad ng asbestos at usok ng diesel
- kasaysayan sa pamilya ng kanser sa baga
- nakaraang sakit sa baga katulad ng fibrosis sa baga, hindi gumagaling na bronchitis (chronic bronchitis), emphysema, at tuberkulosis sa baga.

## Paano nasusuri ang kanser sa baga?

Isasagawa ang ilang pag-iiksameng upang siyasatin ang mga sintomas ng kanser sa baga at makumpirma ang isang diyagnosis. Kabilang sa ilan sa mga karaniwang pag-iiksameng ang:

- pisikal na iksaminasyon<sup>2,3</sup>
- X-ray sa dibdib<sup>2-4</sup>
- iksaminasyon ng sampol ng dura<sup>2-4</sup>
- pagkuha ng imahe ng baga at mga kalapit na bahagi ng katawan, na maaaring kabilang ang X-ray sa dibdib, scan ng computed tomography (CT) o magnetic resonance imaging (MRI)<sup>4</sup>
- iksaminasyon sa loob ng baga gamit ang bronchoscopy<sup>4</sup>
- pagkuha ng sampol ng himaymay (biopsy) mula sa baga para sa isang iksaminasyong gagamit ng mikroskopyo.<sup>4</sup>

## Mga opsiyon sa paggamot

Ang paggamot at pangangalaga ng mga taong may kanser ay karaniw ang ibinibigay ng isang pangkat ng mga propesyonal para sa kalusugan – na tinatawag na multidisciplinary (maraming iba't-ibang kasanayan) na pangkat.

Ang paggamot para sa kanser sa baga ay batay sa yugto (stage) ng sakit, sa kalubhaan ng mga sintomas at sa pangkalahatang kalusugan ng tao. Maaaring magkaroon ng operasyon upang tanggalin ang apektadong bahagi ng baga. Paminsan-minsan, ang radiotherapy, chemotherapy o mga nakatarget na terapiya ay maaaring gamitin upang sirain ang mga selula ng kanser.<sup>2-4</sup>



Patuloy na isinasagawa ang pananaliksik upang makahanap ng mga bagong paraan sa pagsusuri at paggamot ng iba't ibang uri ng kanser. Maaaring alukin ang ilang tao ng opsiyon na sumali sa isang klinikal na pagsubok upang suriin ang mga bagong paraan sa paggamot ng kanser sa baga.

## Paghahanap ng suporta

Kadalasang mararamdaman ng mga tao ang pagkalula, takot, pagkabalisa at galit pagkatapos ng diyagnosis ng kanser. Normal na maramdaman ang mga ito.

Napakamahalaga ang pagkakaroon ng praktikal at emosyonal na suporta sa panahon at pagkatapos ng diyagnosis at paggamot ng kanser. Maaaring makakuha ng suporta mula sa pamilya at mga kaibigan, mga propesyonal para sa kalusugan o mga espesyal na serbisyong pansuporta.

Dagdag pa, ang State and Territory Cancer Councils ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kanser pati na impormasyon tungkol sa mga lokal na dulugan at mga nababagay na pangkat pansuporta.

Ang Cancer Council Helpline ay maaaring mahingan ng tulong kahit saan sa Australia sa pamamagitan ng pagtawag sa **13 11 20** sa halagang katumbas ng lokal na pagtawag sa telepono.

Mas maraming impormasyon tungkol sa paghahanap ng suporta ang matatagpuan sa Cancer Australia na website sa <http://www.canceraustralia.gov.au> o sa Australian Lung Foundation [www.lungfoundation.com.au](http://www.lungfoundation.com.au)

## Mga Sanggunian

1. Clinical practice guidelines for the prevention, diagnosis and management of lung cancer (Mga patnubay sa klinikal na gawi para sa paghadlang, pagsusuri at pamamahala ng kanser sa baga). Cancer Council Australia 2004. Mababasa sa [www.nhmrc.gov.au/guidelines/publications/cp97](http://www.nhmrc.gov.au/guidelines/publications/cp97). [Nagamit noong Hulyo 2012].
2. National Cancer Institute. Non small cell lung cancer treatment (PDQ) – patient version (Paggamot sa kanser sa baga ng di-maliit na selula (PDQ) – bersiyon para sa pasyente). Mababasa sa <http://www.cancer.gov/cancertopics/pdq/treatment/non-small-cell-lung/Patient> [Nagamit noong Hulyo 2012].
3. National Cancer Institute. Non small cell lung cancer treatment (PDQ) – health professional version (Paggamot sa kanser sa baga ng di-maliit na selula (PDQ) – bersiyon para sa propesyonal sa kalusugan). Mababasa sa <http://www.cancer.gov/cancertopics/pdq/treatment/non-small-cell-lung/healthprofessional/page4> [Nagamit noong Hulyo 2012].
4. Assessment and Management of Lung Cancer – Evidence based guidelines. A guide for general practitioners (Pagtatasa at Pamamahala ng Kanser sa Baga - Mga patnubay na batay sa ebidensiya. Isang gabay para sa mga general practitioner). Mababasa sa <http://www.cancer.org.au/File/HealthProfessionals/Clinical%20Guidelines/lungguidelinesforGPs.pdf>. [Nagamit noong Hulyo 2012].
5. Cancer Australia. Report to the Nation - Lung Cancer 2011 (Ulat sa Bansa - Kanser sa Baga 2011). Cancer Australia, Sydney, NSW, 2011.

Kahit pa gumagawa ang Cancer Australia ng mga materyal na batay sa pinakamainam na magagamit na katibayan, ang impormasyong ito ay hindi inilalaan para gamitin bilang kapalit sa isang independiyenteng payo ng isang propesyonal para sa kalusugan. Hindi tinatanggap ng Cancer Australia ang anumang pananagutan para sa anumang pinsala, pagkawala o pagkasira na natamo dahil sa paggamit o pagtititwala sa impormasyong nilalaman ng dokumentong ito.

© Cancer Australia 2013.

LNGC(t)

